REPUBLIKA NG PILIPINAS )
LUNGSOD NG QUEZON ) S.S.
x-----------------------------------------------x

**SINUMPAANG SALAYSAY**

Ako si " CRISPIN SALAZAR", 46 taong gulang, magsasaka, may asawa, at nakatira sa Alabelya, Sarangani Province, matapos na makapanumpa ng naaayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1) Na isa akong dating rebelde mula 1979 at naging isang *rebel returnee* ako noong 1987 sapagkat napagod na din ako sa pagiging rebelde. Nagsaka ako ng isang lupain mula 1987 hanggang 1992;

2) Na nakilala ko si Mayor Rodrigo Duterte noong 1992. Isinama ako ni Councilor Ibuyan na isa ko nang dating kilala noong siya pa ay *barangay chairman* ng Barangay Bangkerohan. Dinala niya ako sa bahay ni Mayor Duterte sapagkat ayon sa kanya nangangailangan siya ng mga taong maninilbihan sa kanya. Bandang 9:00 ng umaga kami nagtungo sa tahanan ni Mayor Duterte na matatagpuan sa Matina District, Davao City at naalala ko na araw iyon ng Linggo. Pinakilala ako ni Councilor Ibuyan kay Mayor Duterte. Tinanong ako ni Mayor "kaya mo ba ang ganitong trabaho? Ang patayin ang mga salot sa lipunan tulad ng mga drug addict, drug pusher at magnanakaw?" Sabi ko, "papatulan ko." Sinabi niya na babayaran niya ako ng P15,000.00 at pinabalik niya ako ng lunes at binigay niya personal sa akin ang isang baril. Isa iyon na .357;

3) Na mula ng Lunes na iyon ay nag-umpisa na ako sa aking trabaho. Makalipas ang isang linggo, binigyan na ako ng listahan ng mga *wanted* na tao na aking papatayin. Nakalagay doon ang pangalan at tirahan ng mga taong papatayin ko. Iniaabot at dini-*distribute* ang listahan sa akin at maging sa aking mga kasamahan ng aming pinaka-pinuno sa samahan. Minsan ay mismo si Mayor Duterte ang pumupunta sa *safehouse* at nag-aabot ng listahan matapos sambitin, "O, ito ang mga listahan ng mga tarantado." Ilan beses ko personal na nakita at nakausap si Duterte. Halos bawat linggo ay pumupunta siya sa *safehouse* para mangamusta;

4) Na marami akong mga kasamahan sa aming samahan. Mahigit sa trenta kami. Malimit kami magkita sa isang *safehouse* sa loob ng NAPOLCOM sa San Pedro, Davao. Araw-araw kami pumupunta sa naturang *safehouse* para mag-report, kunin ang listahan at sa kalaunan ay doon na din natutulog ang ilan sa amin. Nasa loob ng kampo ang naturang *safehouse*. Paiba-iba ang mga bilang ng aking mga kasamahan na nagtutungo doon.

5) Lahat sila ay may mga baril din na ibinigay sa kanila. Halos lahat sa aking mga kasamahan noong una ay tulad ko na *rebel returnees* din ngunit sa paglipas ng panahon, naging sari-sari na ang mga kasapi sa aming samahan at galing na ang mga ito sa iba't ibang munisipyo. Ilan sa aking mga kasamahan ay sina Philip, Sandawa. Sonoryo, Bogart at si Roger.

6) Na pare-pareho kami ng natatanggap ng bilang ng trabaho at bayad. Bawat isang pinapatay na tao ay binibigyan kami ng P15,000.00. P5,000 ang napupunta sa pulis tapos 10,000 ang natitira sa akin. Kung walang pera ang isa sa amin, nagbibigayan kami;

7) Na laging may sampu na motorsiklo na nakaparada sa *safehouse*. Ang iba ay gumagamit ng kanilang personal na motorsiklo. Lahat ng mga ito ay walang plaka sapagkat tinatanggal namin ang mga ito. Na ang iba sa aking mga ksamahan ay ni-*recruit* naman ng kani-kanilang *Barangay Chairman;*

8) Na nasisiguro ko na may sabwatan sa pulis at sa aming organisasyon sapagkat malimit, kahit nakikita ng mga pulis na may pinapatay ako o aking mga kasamahan, hindi sila umaaksyon o di kaya ay matagal rumisponde sa pinangyarihan ng patayan at agad ito nagtutungo sa NAPOLCOM para hingiin ang kanilang parte na salapi. Kabilang sa mga ito ay si PO1 Cusilet, PO3 Sandawa at si Col. Calida;

9) Na nag-uumpisa ang bawat operasyon sa pamamagitan ng pag-abot ng isang listahan galing sa aming pinuno o kay Mayor. Minsan maraming pangalan ang nakalagay at minsan naman ay ilan lamang. Nakasaad na din sa listahan ang tirahan ng naturang *target*. Sa ilang pagkakataon, may nakalakip naman na larawan ang titirahin o papatayin na tao. Matapos matanggap ang pangalan ng biktima, nagsasagawa kami ng *surveillance* at pag nakita namin ang biktima ay tinitira namin agad ito ng wala ng patanong-tanong pa. Mag-isa akong lumalakad noon para mag-*surveillance* at pumatay lulan ng aking motorsiklo na issue din ni Mayor;

10) Na ang paraan ng aking pag-*surveillance* ay ang pagtungo sa bahay ng biktima at doon ko minamanmanan ang aking target. Kabilang na din dito ang pagtanong -tanong sa mga kapitbahay kung sino at saan ang aking *target*. Matapos ko tiyakin na iyon ang aking *target*, binabantayan ko ito at matapos makapag-antay ng tamang pagkakataon ay tinitira ko na talaga. Bumababa ako sa aking motorsiklo at nilalapitan ko ang biktima at saka ko binabaril. Naka-*helmet* ako pag lumalapit ako sa aking target. Malimit ay tinitira ko ang mga *target* ko sa ulo o sa dibdib upang masiguro na ito ay patay agad. Sinisiguro namin na ang target ay mag-isa lamang ngunit kung hindi maiwasan ay pinapatay ko minsan ang aking mga target

sa harap ng kanilang magulang;

11) Na pagkatapos patayin ang ipinag-utos sa akin ay sumasakay na ako sa aking motor at nagtutungo sa *safehouse*. Kinakailangan kong i-report agad ito sa aming pinuno sa DDS at mismo siya ang magbibigay ng kabayaran para sa aking trabaho. Ang bayad ay nasa anyo ng isang tseke. "Pay to Cash" ang tseke na aking natatanggap. PNB o Landbank ang malimit na pinagmumulan ng mga tseke na ito. Nakikita ko sa tseke ang pangalan na Duterte at may pirma din ito sa likod;

12) Na ang pinaka-una ko na trinabaho ay isang tao na nakatira sa Agdao, Davao City. Ng araw na iyon, bandang tanghali ito, nakita ko ang *target* ko na isang binatilyo na may edad na 19 anyos gulang na naglalakad sa gilid ng isang kalye na may mahigit kumulang na 100 metro mula sa bahay niya. Napag-alaman ko na *drug addict* talaga ang naturang binatilyo at may *record* sa PDEA o NARCOM. Hininto ko ang aking motor sa harap niya at binaril ko siya agad. Nakatamo siya ng dalawang tama. Isa sa ulo at isa sa dibdib. Matapos ko siyang barilin ay umalis ako agad at bumalik sa NAPOLCOM *safehouse*. Ni-report ko ang pangyayari sa pinaka- pinuno namin at hinabol ko ang pagpapalit ng tseke sapagkat hanggang alas kwatro ito maaring palitan. Kinabukasan bandang mga gabi ay bumalik ako sa Agdao para alamin kung may lamay at doon ko napag-alaman na patay ang aking target at matagumpay ang aking lakad;

13) Na minsan ay inutusan ako na patayin ang isang pulis. Napag-alaman ko na iyong pulis na papatayin ko ay isang *drug pusher* at may *record* sa NARCOM. Sinundan ko ang pulis na ito sa Surala, South Cotobato. Alas siyete ng umaga noon at papunta na ang naturang pulis sa kanyang duty at naka-uniporme pa ito ng sundan ko siya. Naka-motor ako noon at huminto ako sa tabi niya at binaril ko siya. Paglingon niya ay tinira ko na siya agad sa ulo. Maraming tao na nakakita noon. Nakatingin lamang sila at nagulat. Agad akong tumakbo papalayo patungong Davao;

14) Na meron din akong pinatay na mga babae na magkasama noong 1995. Sila ay mga naturang *drug-pusher*. Gabi iyon bandang alas-nwebe ng gabi sa Panabo Lodging House. Kasabwat ko ang *security* noon ng Lodging House at siya ang nag-tip sa akin kung anong kwarto sila. Pwersa kong pinasok ang kanilang silid at nakita ko ang maraming shabu na naka *cellophane* na at malaking halaga ng pera na nakakalat. Nakita ko na ang isa ay katatapos lang maligo samantala ang isa ay nagbibilang ng pera. Binaril ko sila pareho sa dibdib at nakatamo sila ng tag-isang tama;

15) Na minsan noong 1993, may isa kaming lakad na kasama si Mayor Duterte. Kami na kanyang mga kasamahan ang dapat tumira ngunit nagkamali kami. Hinabol niya mismo yung tao

16) na isang *hold-upper* at saka niya ito pinagbababaril. Naubos niya ang isang *magazine* noon. Matapos iyon, natakot ang mga pulis at nakita kung paano magalit si Mayor;

17) Na alam ko na may *drug laboratory* sa Barangay Barakatan, Toril, Davao City. Kasama niya sa negosyo ay si Tan at si Tata Sala. Nakapunta ako personal noon kasama ng isang Taiwanese sa Barangay Bago Aplaya. Inutusan kami kumuha ng shabu na binigay naming sa isang milyonaryo na Mayor ng Malita, Davao del Sur na nagngangalang Mayor Claudio Bautista. Kasama ko si Boy, isa kong kasamahan noon at dala naming ang sulat na galing kay Duterte;

18) Na noong taon ng 1998 ay napag-desisyonan ko na tumigil na sa pagpapatay o sumibat na mula sa samahan sapagkat nakonsensya na ako. Sa aking paningin, may mga napatay na ako na 40 na tao sa panahong iyon;

19) Na isinasagawa ko ang salaysay na ito sa kagustuhan ko na ilantad ang katotohanan tungkol sa mga patayan sa Davao na iniuugnay sa Davao Death Squad na isinasagawa ko at aking mga kasamahan;

20) Na pawang katotohanan lamang ang aking mga isinaad at boluntaryo ko na isinagawa ang salaysay na ito at nirereserba ko ang aking karapatan na magdagdag sa aking mga isinaad sa iba pang panahon;

21) Na pansamantala ay nais ko munang itago ang aking tunay na pangalan dahil sa pangamba sa aking buhay at ng sa pamilya ko;

22) Na alinsunod sa nabanggit, ang imprenta ng aking kanang hinlalaki na daliri ang aking ilalagay sa dokumento na ito.

**NA SA KATUNAYAN NG LAHAT NG ITO,** ay aking ilalagay ang imprenta ng aking kanang hinlalaki na daliri sa salaysay ko na ito ngayong 24 na araw ng Hunyo 2009 dito sa CHR Central Office, Quezon City, Philippines.

Nagsasalaysay

**SUBSCRIBED AND SWORN TO BEFORE ME** this 24th day of June 2009, at CHR Central Office, Quezon City, Philippines. I hereby certify that I have personally examined the affiant and that I am satisfied that he read and understood the

contents of his affidavit consisting of five pages including this page and that he voluntarily executed the same.

**Atty. JACQUELINE ANN C. DE GUIA**
Attorney IV, Legal and Investigation Office, CHR
Administering Officer